Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay may dalawang Kalasag sa Araw ng Uhud,Umakyat siya sa malaking bato ngunit hindi niya nakayanan,Umupo si Talhah sa ilalim niya,pina-akyat niya ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- rito, hanggang sa pumantay siya sa malaking bato,Nagsabi siya:Narinig ko ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na nagsasabi: ((Karapat-dapat si Talhah))

Ayon kay Azzubayr bin Al-`Awam-malugod si Allah sa kanya-siya ay nagsabi: Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- ay may dalawang Kalasag sa Araw ng Uhud,Umakyat siya sa malaking bato ngunit hindi niya nakayanan,Umupo si Talhah sa ilalim niya,pina-akyat niya ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- rito, hanggang sa pumantay siya sa malaking bato,Nagsabi siya:Narinig ko ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na nagsasabi: ((Karapat-dapat si Talhah))
[Maganda] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagsusuot ng dalawang damit na yari sa bakal upang proteksiyon niya sa mga panaksak ng mga kalaban sa [naganap na] Pandarambong sa Uhud.Tumayo siya na nakaharap sa malaking bato upang umakyat rito ngunit hindi niya nakayanan,Dumating si Talhah-malugod si Allah sa kanya-at umupo sa ilalim ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Umakyat siya rito hanggang sa nakaakyat sa ibabaw ng Malaking bato.Nagsabi ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-: ((Karapat-dapat si Talhah)) Ibig sabihin: Tunay na si Talhah ay napatunayan niya sa sarili niya dahil sa ginawa niyang ito o Dahil sa ginawa niya sa Araw na ito,ang Paraiso.At nararapat ito sa kanya dahil sa ginawa niya.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/11191